

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

PMI umabot sa pinakamataas sa 7 buwan, ngunit mga kakulangan sa materyal humahadlang sa paglago

Key findings

Bahagyang humina ang output noong Oktubre

Nag-udyok ng paunang pagbili ang mga kakulangan sa materyal

Mabilis na tumaas ng presyo ng input at umabot sa pinakamabilis na sama-samang naitala simula Marso 2018

Ang data ng Oktubre 2021 ay nakolekta noong 12-22 Oktubre 2021.

Nagpakita ang data ng PMI® noong Oktubre ng bahagyang pag-unlad sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Ang kalagayan ng demand ay nagpahiwatig ng pag-unlad habang naging estabilisado ang mga bagong order pagkatapos ng anim na buwan ng paghina, ngunit humadlang sa produksyon ang mga kakulangan sa materyal, at bumaba ang output sa ikapitong magkakasunod na buwan. Bagama't tumaas ang kumpiyansa sa negosyo, ang pananaw ay mas mababa sa matagal nang average, na nagpapahiwatig na ang mga alalahanin tungkol sa supply ay nagpatuloy.

Ang malubhang mga pagkaantala ng supplier at mga kakulangan sa materyal ay nagdulot ng pinakamabilis na sama-samang naitalang pagtaas ng mga gastos sa input simula Marso 2018. Bahagi lang ng mas matataas na presyo ng input ang ipinasa ng mga kumpanya sa mga kliyente, gayunpaman, katamtaman lang na tumaas ang mga singil.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay bahagyang tumaas sa 51.0 noong Oktubre mula 50.9 sa Setyembre, na mas mataas sa 50.0 na no-change threshold na naghihiwalay ng expansion at contraction. Bagama't bahagya lang, ang pinakabagong pagtaas ang naging pinakamataas simula Marso, at lampas ito sa average para sa 2021, sa ngayon.

Nagpakita ang data noong Oktubre ng ikapitong sunod-sunod na buwanang pagbaba ng output, at bumilis ang pagbaba kumpara sa nakita noong Setyembre. Binanggit ng mga kumpanyang ang mga kakulangan sa materyal at mga paghihigpit na nauugnay sa virus ang nagtulak sa pagbaba, bagama't ang mga dating mahinang kundisyon ng demand ay binanggit din.


Kasabay nito, ang mga pagpasok ng bagong order ay nagtuloy-tuloy pagkatapos ng anim na magkakasunod na buwan ng contraction. Gayunpaman, katamtamang bumaba ang pandaigdigang demand noong Oktubre pagkatapos maging estabilisado sa nakaraang yugto ng survey.

Ang mga producer ng produkto ay patuloy na nagtala ng malubhang paghina sa performance ng vendor. Ang mga kakulangan sa raw material at hindi magagandang kundisyon sa transportasyon ay naiulat na nagdulot ng mahahahabang pagkaantala. Humaba na ang mga lead time sa bawat buwan simula Agosto 2019, at ang pinakabagong paghina ay isa sa mga pinakamalaking pagbabago sa serye.

Kaugnay ng pagkaantala ng supply-chain, pinataas ng mga kumpanya ang kanilang pagbili ng input sa pinakaunang beses simula Hulyo sa gitna ng mga pagsisikap na makakuha ng mga raw material. Gayunpaman, bahagya lang ang bilis ng expansion. Samantalang ang mga stock ng mga pagbili, ay tumaas noong

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ang data ng PMI noong Oktubre ay nagpahiwatig ng bahagyang pagbilis ng paglago sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Ang ilang paghihigpit ay patuloy na lumuwag, at ang kalagayan ng demand ay nagpakita ng mga paunang senyales ng pag-unlad, habang nagtuloy-tuloy ang mga bagong order pagkatapos ng anim na buwan ng paghina.

"Gayunpaman, ang sektor ng paggawa ng produkto ay muling dumanas ng mga pagkaantala ng pagpapadala, mga kakulangan sa materyal at tumataas na mga presyo, na humantong sa napigilang paglago ng output. Ang mga pressure na ito ay malamang na mananatili sa susunod na mga buwan, ngunit isang pangunahing alalahanin na bahagi lang ng mas matataas na gastos ang naipapasa ng mga kumpanya sa gitna ng medyo mahinang kalagayan ng demand.

"Gayunpaman, pagkatapos ng matinding paghina noong 2020, ang sektor ng pagmamanupaktura ay inaasahang lumago nang 19.1% sa taong 2021. Umaasa ang mga kumpanya na ang mga kundisyon ng demand sa parehong lokal at pandaigdigang market ay gaganda, nang may mas maluwag na mga paghihigpit na malamang na susuporta sa higit pang demand ng customer."

Oktubre, na nagpapakita ng sunod-sunod na mga expansion. Bahagyang humina ang pagtaas kumpara sa nakita noong Setyembre, ngunit sa pangkalahatan ay nakaayon sa matagal nang average ng serye. Binanggit ng mga kumpanyang nagpami ng kanilang mga hawak bago ang produksyon na ang mga kasalukuyang pressure sa pagkuha ng mga input, tumataas na gastos, at mga inaasahang mas mataas na demand ay naghikayat ng pag-iimbak.

Patuloy na binawasan ng mga kumpanya ang kanilang mga manggagawa noong Oktubre, at kumaunti ang mga tauhan sa ikadalawampung magkakasunod na buwan. Gayunpaman, ang bilis ng pagbawas ay humina kumpara sa nakita noong Setyembre. Nabanggit ng mga kumpanyang bagama't may ilang pagsisikap na makatipid, karamihan sa mga pagbibitiw ay boluntaryo.

Pagdating sa mga presyo, ang mga presyo ng input ay tumaas ulit noong Oktubre. Ang mas matataas na pasaning gastos ay karaniwang iniugnay sa mga kakulangan sa materyal, lalo na para sa mga metal, kagamitan sa packaging, at langis. Mayroon ding mga ulat ng tumataas na gastos sa transportasyon at enerhiya. Ang infltion ng gastos ang pinakamabilis na sama-samang naitala simula Marso 2018, at ang ikaapat na pinakakapansin-pansin sa kasaysayan ng serye.

Kasunod nito, mas mabilis na tumaas ang mga presyo ng output, bagama't ang bilis ng inflation ay mas mahina kumpara sa nakita para sa mga presyo ng input. Ayon sa mga pahayag, ang ilang kumpanya ay nagpigil sa pagtataas ng kanilang mga singil dahil sa mahihinang kundisyon ng demand.


Sa wakas, tumaas ang kumpiyansa sa negosyo sa pinakamataas sa loob ng tatlong buwan sa simula ng huling quarter ng taon. Ang optimismo ay pinalakas ng mga pag-asa ng mas mataas na pandaigdigang at lokal na demand sa susunod na taon. Gayunpaman, ang pananaw ay mas mababa kaysa sa matagal nang average ng serye.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr, 3mma



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Oktubre 2021 ay nakolekta noong 12-22 Oktubre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakatbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.